| | TAMANG SAGOT (TS)<br>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular | |
|---|---|---|
| PhilHealth<br>*Your Partner in Health* | **Circular No.** | **2021-0008** |
| | **Title** | **Clarification on the Coverage for COVID-19 Inpatient Benefit Package** |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| **1. Sino ang maaaring maka-avail ng COVID-19 Inpatient Benefit Package?** | Ang mga may positibong resulta lamang ng RT-PCR test at nag-develop ng severe illness o may manifestation ng COVID-19 na nangangailangan ma-ospital ang siyang eligible para sa benepisyo ng COVID-19 na may mga package code na C19P1, C19P2, C19P3, at C19P4. |
| **2. Mayroong iba't-ibang pamamaraan ng pagsasagawa ng RT-PCR test, ano ang tinatanggap ng PhilHealth?** | Tatanggapin ng PhilHealth ang mga resulta ng RT-PCR test na ginawa gamit ang plate-based at cartridge-based methods na kinuha mula sa nasopharyngeal and oropharyngeal swabs bilang specimen. Ito ay maaaring mabago kung mag-aapruba ang DOH ng iba pang mga pamamaraan o specimen na gagamitin para sa pagsasagawa ng RT-PCR. |
| **3. Ano ang papel na ginagampanan ng antibody test result? Maaari ba itong maituring bilang confirmatory test?** | Ang antibody tests ay nakaka-detect ng pagkakaroon (o kawalan) ng antibody laban sa SARS-CoV-2. Ang antibody test ay hindi maaaring gamitin bilang stand alone confirmatory test o diagnostic test para sa COVID-19. Subalit, maaari itong magamit bilang karagdagang test. Kaya naman ang mga pasyente na may dalawang negative RT-PCR test result, ngunit may positibong antibody test result ay eligible din sa COVID-19 Inpatient packages. Base sa umiiral na alituntunin, ang antibody test ay dapat na ginagawa adalawang linggo pagkatapos ng pagsisimula ng sakit o pagkakaranang ng simtoms ng COVID - 19 ngunit nananatiling may negatibong mga resulta ng RT-PCR test. |
| **4. Ang antibody test ba ay sakop ng hiwalay na pakete (tulad ng sa RT-PCR test)?** | Hindi. Walang hiwalay na pakete para sa antibody test. Suballit, kung ginawa ito habang naka-admit ang pasyente, maaari itong i-charge sa naaayong benepisyo na maa-avail ng miyembro. |

| | |
|---|---|
| **5. Mayroong iba't-ibang mga pamamaraan upang makita ang pagkakaroon ng antibody laban sa SARS-CoV-2, anong mga test ang tinatanggap ng PhilHealth?** | Ang mga rapid antibody test na gumagamit ng validated test kits, at laboratory-based immunoassays tulad ng chemiluminescence assay (CLIA/ECLIA) at enzyme-linked immunosorbent assay (ELISA) ay tatanggapin. |
| **6. Ang resulta ba ng rapid antibody test (RAT) na isinagawa sa bahay gamit ang rapid antibody test kit ay tinatanggap?** | Hindi. Ang antibody test ay kailangang gawin sa isang ospital o sa DOH-licensed laboratory. Ayon sa guidelines (DOH AO 2020-0439), mga lisensyadong medical doctor lamang ang maaaring mag-request, mag-administer, at mag-interpret ng resulta ng RATs. Ang ibang health professionals ay maaari ring mag-administer ngunit dapat ay nasa ilalim ng supervision ng isang lisensyadong medical doctor.<br><br>Gayundin, ang kit na gagamitin ay dapat na aprubado ng Food and Drug Administration at na-validate ng Research Institute for Tropical Medicine o iba pang DOH-designated na institusyon. Dahil sa ang mga DOH-licensed health facilities ay kailangang sumunod sa polisiya at standards ng DOH, tanging mga resultang isinagawa sa mga ospital at DOH-licensed laboratories lamang ang tatanggapin ng PhilHealth. |
| **7. Sino ang makaka-avail ng intermediate package?** | Ang mga may pulmonya at kinakakitaan ng simtomas ng COVID-19 at na-manage bilang COVID-19 ngunit may negatibong resulta ng RT-PCR test ang magiging eligible para sa intermediate package.<br><br>Subalit, ang RT-PCR test ay dapat gawin sa pasyente pagpasok pa lamang sa ospital. Kung tinitingnan nang COVID-19 ang diagnosis, dapat ay isinagawa na ang RT-PCR test sa simula pa lamang. |

**8. Ano ang pagkakaiba ng Intermediate Package sa kasalukuyang benefit packages para sa pneumonia?**

Sa Intermediate Package, isinasaalang-alang ang initial test at paggamit ng personnel protective equipment kung ang pasyente ay initially suspected na mayroong COVID-19. Dahil dito, mas mataas ang halaga maaaring ma-avail. Ang Intermediate Package katulad ng package para sa pneumonia ay isinasaalang-alang din ang pagkakaiba ng mga gagamiting resources para sa severe at moderate cases. Kung kaya't mayroong dalawang package depende sa severity ng kaso (Table 1).

Table 1. Description, Package Codes and Rate of Intermediate Package

| Description | Package Codes | Rates |
|---|---|---|
| Intermediate Package for Moderate Pneumonia | IMP01 | Php 18,000 |
| Intermediate Package for Severe/Critical Pneumonia | IMP02 | Php 38,000 |

Note: Ang guide para sa severity ng manifestations at ang package na maaaring ma-avail ay makikita sa Annex A ng PhilHealth Circular.

<table>
<tr>
<td>9. Ano ang kinakailangang mga dokumento para sa pagpa-file ng claims sa Intermediate Package?</td>
<td>Ang mga claims ay dapat na isumite sa pamamagitan ng eClaims system. Ang mga kinakailangan ay nakalista sa Table 2.<br><br>Table 2. Requirements for claims filing of Intermediate Package<br><br>
<table>
<tr><th>Requirements</th><th>Notes</th></tr>
<tr><td>Properly encoded CF1 and CF2 module</td><td>Encoded via eClaims</td></tr>
<tr><td>Properly accomplished Claims Signature Form (CSF)</td><td>Attach a scanned copy</td></tr>
<tr><td>Statement of Account (SOA) or its equivalent</td><td>Attach a scanned copy</td></tr>
<tr><td>Properly accomplished CF4 or clinical chart</td><td>Encoded via eClaims<br>To start on claims when the circular was published (based on admission dates)</td></tr>
<tr><td>Copy of RT-PCR Test result</td><td>Attach a scanned copy<br>Claims without RT-PCR test result will be returned to the facility.</td></tr>
</table>
</td>
</tr>
<tr>
<td>10. Nagsumite na ang ospital ng SOA bilang bahagi ng pagpa-file ng claims, kailangan pa bang magsumite ng impormasyon sa itemized bill (in Excel format) sa pamamagitan ng file transfer protocol?</td>
<td>Oo. Ang SOA (o ang katumbas nito) ay kinakailangan sa pagpa-file ng claims para sa accounting and auditing purposes, habang ang impormasyon sa itemized bill ay gagamitin sa pagre-review ng pagpapatupad (kasama ang mga rates) ng mga benepisyo. Para sa mas mahusay na analysis, ang huli ay isinasama sa eClaims system. Samantala, ang file transfer protocol (FTP) ay ginawa upang makapagsumite ang ospital ng itemized bill sa Excel format.</td>
</tr>
</table>